# 1

"Friend, natural lang ang nararamdaman mo. It's what they call 'pre-wedding jitters'," her best friend and maid of honor, Lisa said.

*Is it?* tanong ni Marinella sa sarili. *Ganito ba talaga ang lahat ng ikinakasal?*

Neither she nor Lisa knew the answer to that. Dahil pareho silang hindi pa nakakaranas maging bride. Bilang isang modelo, she had graced the covers of several bridal magazines and often walked the catwalk as a 'bride'. But this one was real.

She cast a glance at the suite's mirror. Siya ba ang nasa salamin? Bakit hindi isang babaeng masaya ang nakikita niya? She was touted as the luckiest woman on earth, dahil ikakasal siya kay Mikkael Erasquin, the most eligible bachelor in town at solong tagapagmana ng Erasquin empire.

Naisip ni Marinella ang kanyang groom. She wondered if he was having pre-jitters, too. She could imagine him in his own suite surrounded by his bodyguards. Ilang sandali pa, ang mga ito ay magiging bantay na rin niya. She would never

be alone and completely unguarded. Iyon ba ang magiging kapalit ng pagpapakasal niya sa mayamang binata?

"So, what do you think? Hindi ba napakaganda ang designer gown na ipinagawa ni Mikkael para sa 'yo?" Si Lisa uli.

Gawa ng pamosong fashion designer na si Valentino ang gown niya.

"I… I think…" Hindi niya alam ang sasabihin. Napasulyap siya sa mga bridesmaids na noon ay nagkakagulo sa pagkakalumpon sa isang sulok at panay ang pose sa mga cameramen at photographers. "G-gusto kong mapag-isa."

"Ha? Are you okay?" nag-aalalang tanong nito.

"Okay lang ako," she assured her friend. "Gusto ko lang ng konting katahimikan."

"You're shaking," puna nito. "Sa lahat naman ng ikinakasal, ikaw pa lang ang nakita kong ganyan, friend. Shouldn't you be excited? You're marrying Mikkael Erasquin. Tapos 'eto kang parang takot na takot."

"Nervous is more like it," she said.

Lisa giggled. "Bakit ka naman kakabahan, friend?

You're so lucky to have Mikkael. He's handsome and immensely wealthy. And he loves you."

Mahal nga ba siya ng fiance? And more importantly, mahal ba niya ito? Si Mikkael na ba talaga ang nais niyang makasama habambuhay?

Oh, bakit ngayon lang pumapasok sa kanyang isipan ang mga katanungang iyon?

"Believe me, friend. Everything will be all right," her friend said reassuringly.

Marinella forced a smile. "Yes, of course. Siguro ganito lang talaga ang lahat ng brides. May kaunting apprehension."

"Which shouldn't be the case. There's no reason to be jittery. You should feel secured. Friend, you're doing the right thing."

The right thing? Was she marrying Mikkael because it was the right thing to do? Di ba dapat, magpapakasal siya rito dahil mahal niya ito?

"You really think so?" May agam-agam sa boses niya.

"Of course! Now, gather your nerves. Pababababain ko sa lobby ang mga girls pati na ang mga cameramen at photographers. Tutal, tapos na kayong kuhanan."

"Salamat," tanging nasambit niya.

Nakahinga si Marinella nang maluwag nang tuluyan na siyang napag-isa. She felt better.

Natatawa na lang siya sa kanyang sarili na ngayon pa niya pinagdudahan ang bagay na iyon. Mahal siya ni Mikkael. Otherwise, hindi siya pakakasalan nito.

Iyon ba talaga ang dahilan? Whirlwind romance ang nangyari sa kanila ng fiancé. Nag-meet sila nang minsang mapilit ito ng isang kaibigan na manood ng fashion show nila. Hiningi nito ang number niya and showered her with flowers and gifts. Dahil mabait ito at malambing, sinagot niya ito matapos ang tatlong linggo. Tatlong buwan pa lang silang magnobyo nang mag-propose ito ng kasal. Ayaw pa sana niya, pero kinumbinsi siya nito na roon din naman sila papunta kaya pumayag na rin siya.

She was at her legal age. Wala siyang problema sa kanyang parents dahil ulila na siyang lubos. Wala ring problema sa existing modeling contracts and endorsements niya dahil walang nakasaad doon na bawal siyang mag-asawa.

After all the hasty preparations, heto na nga siya ngayon, ready to walk down the aisle. Muling

tinapunan niya ng sulyap ang salamin. Something just seemed not right. The mirror reflected a bewildered woman.

Bakit nga ba siya nagkakaganito? Why was she having second thoughts? Bakit ngayon lang?

Ngayon, nakadepende siya sa kanyang modeling stints. She knew she could not be at the top of the heap for long. Darating at darating ang araw na papalitan siya ng mga bago at mas batang mukha. Saan siya pupulutin kapag nagkataon?

On the other hand, her union with Mikkael would guarantee a life full of security. Pati ang kinabukasan ng kanilang mga magiging anak ay nakasiguro na. Ano pa ba ang hihilingin niya kay Mikkael? She was really so blessed to have him.

She would have to talk to Mikkael. She needed his reassuring words that everything would be fine. Kailangang kausapin niya ito nang personal. Para makita niya sa mga mata nito kung talagang mahal talaga siya nito.

Racing for time, she dashed out of her suite. Nag-uunahan ang mga paang binagtas niya ang pasilyo patungo sa suite ni Mikkael sa right wing. Para siyang hinahabol ni Kamatayan sa pagmamadali.

Kailangang marating niya ang silid nito bago ito makababa patungo sa garden ng hotel kung saan gaganapin ang kanilang engradeng kasalan.

Ayon sa kasabihan, hindi dapat magkita ang groom at bride ilang sandali bago ang kasal. Pero kailangan talaga niyang makausap ito. Besides, hindi naman siya mapamahiing tao.

NAPAIGTAD SIYA nang makita niyang paparating ang limousine sa malayo. After what seemed like an endless waiting, sa wakas ay dumating din ang taong kanyang inaabangan.

May ngising-demonyo na nanilay sa mga labi ng lalaki. *Makakaganti din ako sa 'yo.*

He had killed several people before. Wala siyang pinapatawad, basta nagalit siya. Para lang siyang pumapatay ng langaw kapag nasagad ang kanyang pasensya. Somehow, he derived great pleasure in killing people, that it became a habit.

Marami siyang tauhan na puwedeng utusan para sa misyong iyon. Puwede niyang iwasan na huwag mabahiran ng dugo ang kanyang mga kamay. But this particular case was important so he was doing it himself.

*Special will be more like it*, his mind corrected. He had been waiting for this moment all his life. He felt his adrenalin rushing as his men watched him.

He took his position when the limousine drove near. Inihanda niya ang kanyang hi-powered rifle na may silencer. Sinilip niya sa telescope ng rifle ang papalapit na sasakyan at inasinta iyong maige.

When the limousine came to a halt, he held on the trigger. Pinakiramdaman niya ang kanyang pulso. It was steady. Hindi nanginginig ang mga kamay niya. Walang tumatagaktak na pawis sa noo. Nasiyahan siya.

Nakita niyang naunang bumaba ang ilang bodyguards. Binuksan ng isa ang pinto ng kotse.

*It's showtime.*

"MA'AM MARINELLA! A-ano'ng ginagawa n'yo dito?" salubong sa kanya ng bodyguard na nagbabantay sa labas ng suite ng nobyo. Kagyat na humarang ito sa pinto.

"I would like to speak to Mikkael," hiling niya.

"Ha? Eh, Ma'am, b-bawal po kayong pumasok," halos magkandabulol-bulol ito.

Inakala niyang iniisip din nito ang pamahiin. "Kalimutan mo na ang mga pamahiin na 'yan. Ang importante, magkausap kami ng amo mo."

"Ma'am, h-hindi talaga puwede. Kabilin-bilinan ni Boss na huwag akong magpapasok ng kahit na sino."

Medyo nagpanting ang kanyang tainga. "Hindi ako kahit sino lang," angil niya. "Fiancèe ako ng boss mo. At ilang sandali lang, magiging asawa na niya ako. So step aside and let me in," she commanded. "Kung hindi, isusumbong kita sa boss mo." Pansumandaling nag-atubili ito. "Well?" She smirked.

He gave in. He stepped aside and opened the door.

"Thank you," she said triumphantly. Madilim sa loob ng kuwarto ng lalaki. When her eyes finally adjusted to the dimness, she saw that it was deserted. Wala si Mikkael o isa man sa mga abay nito.

"Darling?" she called softly.

Sinagot siya ng nakakabinging katahimikan.

Tinungo niya ang balkonahe. Mikkael was nowhere in sight.

Siguradong hindi ito umalis. Otherwise, hindi na sana siya pinapasok ng tauhan nito. She headed toward the room. Dahan-dahan niyang binuksan ang pinto. Madilim din sa loob niyon. Ngunit natagpuan niya ang binata na nasa harap ng bintana, kasama ng mga tauhan nito at tila may sinisipat na kung ano sa likod ng mga kurtina. Hindi siya napansin ng mga ito dahil marahil sa sobrang konsentrasyon sa kung anumang pinagkakaabalahan ng mga ito.

She stopped dead on her tracks. May hawak na rifle si Mikkael! At kitang-kita niya nang kalabitin nito ang gatilyo niyon. A muffled sound ensued. Nakangising hinipan nito ang nguso ng baril na umuusok pa.

Natutop ni Marinella ang bibig para huwag mapasigaw. Instinctively, she backed out of the room. Tinakbo niya ang main door at nagmamadaling lumabas ng pinto.

"Ma'am?" tawag ng lalaking nagbabantay sa labas.

Hindi niya ito nilingon. Nang marating niya ang left wing na kinaroonan ng kanyang suite, natigilan siya. Hindi siya maaaring bumalik na lang sa silid niya at magpanggap na walang nangyari. Mikkael shot someone. She was certain of that. Pero ang

tanong, sino?

She saw the exit sign at the corner. Tinungo niya ang pinto at binuksan. Minabuti niyang bumaba sa hagdanang naroon. Mas maraming sasaklolo sa kanya sa ibaba. Nandoon si Lisa at ang mga bridesmaids niya at mga bisita.

Bumaba siya sa hagdanan. Bago tuluyang nagsara ang pinto ng exit door sa kanyang likuran, narinig niya ang mga rumaragasang mga yabag patungo sa suite niya. Mikkael's bodyguards had come to get her.

Halos talunin ni Marinella ang mga baitang. Hindi siya tumigil sa anumang floor. Desidido siyang dumerecho sa lobby kung saan sigurado siyang may sasaklolo sa kanya.

Nakarinig siya ng pagbukas na exit door sa bandang itaas kung saan siya nanggaling.

"Bilis! Habulin n'yo," a voice commanded. Sigurado siyang si Mikkael iyon.

Noon siya nagdesisyon na lumabas sa fire exit. Nakita niyang walang katau-tao sa pasilyo ng floor na iyon. Walang puwedeng sumaklolo sa kanya. Pero naisip niyang mas maigeng walang nakakita sa kanya roon. Walang makapagtuturo sa mga

humahabol sa kanya.

Tiyak ni Marinella na maaabutan siya ng mga humahabol sa kanya kapag tinalunton lang niya ang pasilyo ng floor na iyon. Kaya tinungo niya ang unang suite na nadaanan niya. Frantically, she pressed the doorbell successively, hoping somebody would open the door.

*Somebody help!* her mind screamed.

Laking pasasalamat niya nang bumukas ang pinto. Ngunit nagulat siya nang baril ang sumalubong sa kanya.

"Come in," the man holding the gun ordered.

"WHO SENT YOU?" Jezer asked. He aimed his gun at the girl's heart as he kicked the door closed.

Kasalukuyan siyang nagsa-shower kanina nang sunud-sunod na may nag-doorbell. He barely managed to wrap a towel around his hips as he grabbed his gun.

Nang sumilip siya sa peephole, nakita niyang isa iyong babaeng nakadamit-pangkasal.

Isang napakagandang babae, pangwa-wasto ng

kanyang isipan.

Through the peephole, nakita niyang tila ba takot na takot ito. Palinga-linga ito sa kanan nito na animo may tinatakbuhan. Or maybe, she was pretending that she was running from someone. If that was the case, he could say na napakagaling nitong umarte.

Pero siya ang taong hindi agad-agad nagtitiwala. Pang-ilan na ba ito? Paiba-iba lang ang mga hitsura—may nagkunwaring clown, sorbetero, delivery man, basurero, taong grasa, pari at madre. Pero iisa lang ang pakay ng mga iyon: ang patayin siya.

Ngayon, mukhang kakaiba naman ang gimik ng isang ito—a runaway bride.

*The most beautiful bride I've ever seen*, dagdag ng kanyang isipan.

"A-ano'ng ibig mong sabihin?" nagugulumihang tanong ng babae.

"Sino'ng nag-utos sa 'yo para patayin ako?" derechang tanong ni Jezer.

Naroon ang pagtataka sa mukha ng babae. "P-patayin? Bakit naman kita papatayin? Ako ang papatayin nila."

"Nino?"

"Ng groom ko at ng mga bodyguards niya."

He chuckled. "Kahit sino naman siguro, magagalit pag tinakbuhan sa altar." Kung siya ang groom at tinakbuhan siya nito, he would gladly strangle her neck, no matter how beautiful she was.

He felt his grip on the gun loosen. He no longer felt threatened by this woman. He felt disgusted with her.

"H-hindi ko tinakbuhan ang kasal ko," she declared.

Tumaas ang isang sulok ng bibig niya. "Bakit ka tumatakbo, kung ganoon? At bakit ka nila hinahabol?"

"M-magpapaliwanag ako. P-pero puwede ba, ibaba mo muna ang baril mo. Baka kasi p-pumutok 'yan," hiling ng estranghera.

Pinagbigyan niya ang gusto nito. "Ngayon, magpaliwanag ka. I'm all ears. But this better be good," he warned. "Ang sabi mo, hindi mo tinakbuhan ang kasal mo."

Tumango ito.

"Sinabi mo rin na hinahabol ka ng groom mo at ng mga bodyguards niya. At gusto ka nilang patayin."

Muling tumango ang babae.

"Bakit ka naman nila balak patayin?"

"D-dahil nakita ko siya. N-nalaman siguro nilang nakita ko sila k-kaya hinabol niya ako," garalgal na sabi nito.

"I don't get it," he snapped. Her story just did not make sense. Pero hindi lang ang istorya nito ang pinapakinggan niya. Inoobserbahan niya ang bawat galaw nito; pati timbre ng boses nito ay kanyang sinusuri. "Linawin mo nga ang sinasabi mo," utos niya. Dahil iisa pa lang ang malinaw sa kanya: totoong takot ang nakikita niya rito. Hindi lang ito umaarte.

Bago ito nakapagsalita, nakarinig sila ng mga yabag sa pasilyo. Sabay silang napatingin sa may nakasarang dahon ng pinto. Kapwa nila inulinigan ang ingay hanggang lampasan sila ng mga iyon.

Tumingin sa kanya sa babae. Humihingi ng saklolo ang mga mata nito. And he noticed, her eyes were the most expressive eyes he had ever seen.

Muli silang napatingin sa pinto nang marinig

nilang pabalik ang mga yabag. Sinabayan pa iyon ng pagkatok sa mga pinto ng karatig-silid niya.

"I-itago mo ako," she pleaded. "H-huwag mo silang papapasukin. Please."

Of course, walang intensyon si Jezer na magpapasok ng kung sino. He checked-in to that hotel to have that much-needed rest. At para rin makapag-isip-isip. Isang buwan na siya roon. So far, no one had disturbed his solitude. Until now.

*Pero bakit mo pinapasok ang babaeng 'yan kanina?* pang-uusig ng kanyang isipan.

Bakit nga ba? Nang masilip niya ito sa peephole kanina, he knew she was trouble wrapped in a very alluring package. Still, pinapasok niya ito. Pilit niyang iginigiit sa isipan na ganoon ang ginawa niya para malaman kung sino ang nagpadala rito para patayin siya. But the growing tightness in his groin told him otherwise. Even he was surprised at the quick physical response of his body at the first sight of her.

He pointed the gun at the woman. "Back off," utos niya.

Tumakbo ito patungo sa bathroom. Her billowing skirt brushed his bare legs nang dumaan

ito sa gilid niya. Nagdulot iyon ng kakaibang kiliti sa kanya. Idagdag pa roon ang nalanghap niyang pabango nito.

Nagpasalamat na lang si Jezer at hindi nito nakita ang pag-umbok ng tuwalya sa kanyang harapan. Lihim niyang kinastigo ang sarili. Noon lang siya nagkaganoon sa presensya ng babae, lalo pa at estranghera. Why, he did not even know her name!

Kagyat itong pumasok sa banyo at nagsara ng pinto.

Napailing na lang siya. Kung bakit naman kasi kailangan nitong takbuhan ang kasal nito? Pagkatapos ngayon, takot na takot ito. Ano nga kaya ang dahilan at tinutugis ito?

Inakala siguro ng babae na protektado na ito kapag nagkulong ito sa banyo. Kung alam lang nito, pati siya ay nalalagay sa panganib oras na pasukin sila ng mga naghahabol dito. He crossed his fingers that his *9 mm. Browning Hi-Power* was enough to protect them both.

Napaigtad si Jezer nang makarinig ng malalakas na katok. Sa lakas ng tunog niyon, nahuhulaan niyang pihadong nasa katabing suite na ang mga

ito.

He heard voices. Mukhang tinatanong ng mga iyon ang occupant ng suite sa kanan niya.

Inilapat niya ang tainga sa pinto para marinig niya kung anuman ang pinag-uusapan sa labas. But he could vaguely comprehend what they were saying.

Suddenly, somebody pounded on his door. "Hotel security!" a voice said.

Sumilip si Jezer sa peephole. Ilang kalalakihan ang nakita niya sa tapat ng pinto. Naka-barong ang mga iyon at mukhang hotel security nga. Gayunpaman, walang dahilan para papasukin niya ang mga ito.

*May dahilan*, pang-aalaska ng kanyang isipan. *Ang babaeng nasa bathroom.*

When he did not open up, they banged on his door again.

"What the hell do you want?" he shouted.

"Nagsasagawa kami ng security check," anang boses, "Sir," pahabol nito.

Hindi iyon nakaligtas sa kanyang pandinig. "No

need for that. I have no problem in here. Now, go away," pantataboy niya sa mga ito. "Naaabala ako sa aking paliligo."

"May hinahanap kaming babae. May nakapasok bang babae diyan?"

"Babae?" He chuckled. "Ako din, naghahanap ng babae. Kaya huwag na huwag siyang magkakamaling pumasok dito."

"Maaari bang i-search namin ang suite n'yo, Sir?"

"I said, there's no need for that."

"Mapanganib ang babaeng iyon."

"As I've said, walang babae dito. Why don't you search the other suites?" he suggested. "Baka makita ninyo doon ang hinahanap ninyo. Ngayon, kung magpupumilit pa rin kayo, I'll call the management," he warned. "This is intrusion of my privacy."

Pansumandaling natahimik ang mga ito. Pagkatapos ay nauliniganan niya ang mga yabag na papalayo. Mayamaya pa, narinig niyang kinakatok ang suite sa far side ng pasilyo.

Muli niyang sinilip ang peephole. The hallway was clear. Marahil, na-intimidate ang mga iyon dahil

sa kanyang sinabi. Ngayon, sigurado na siyang hindi hotel security ang mga iyon. Goons ang tingin niya sa mga iyon.

Pero sino nga ba talaga ang mga lalaking iyon? At ano ang pakay nila sa babaeng nasa banyo? Ano ba ang atraso nito sa kanila? There was only one way to find out.

Tinungo ni Jezer ang banyo. Ilang beses siyang kumatok pero hindi siya nito pinagbuksan. Walang kaabug-abog na tinadyakan niya ang pinto niyon. Bumigay iyon sa lakas ng pagkakasipa niya.

Napatili ng babae.

# 2

"Now, let's get down to business." The man aimed his pistol at her.

"I… I thought they'd come to g-get me," she stammered. Buong akala niya, mga tauhan ni Mikkael ang nagwasak ng pinto kaya napatili siya. Nakahinga siya nang maluwag nang makita ang lalaking occupant ng suite na iyon.

Kanina, inakala niyang nakakita siya ng kakampi sa lalaki. Na tutulungan siya nito at ipagtatanggol. Now, she wondered why she had even believed this man could be his knight in shining armor. He looked as ruthless as Mikkael and his bodyguards.

*Ruthlessly handsome and sexy 'ika mo*, anang kanyang isipan. Lalo pa at tuwalya lang na nakabalabal sa baywang ang tanging suot nito.

"Tell me what this fuss is all about," he demanded.

"I really don't know," nagugulumihang sagot niya. Ang tanging alam niya, kinalabit ni Mikkael ang gatilyo ng rifle nito. May inasinta ito sa bandang ibaba ng hotel. Pagkatapos, bigla na lang siyang hinabol ng mga tauhan nito.

Hindi siya sigurado kung ano talaga ang ibig sabihin ng eksenang naabutan niya sa suite ng fiancè. May pinatay ba ito? Kung mayroon man, sino?

"Sino ang mga taong humahabol sa 'yo?"

"How could I possibly know? You told me to back off. Kung pinasilip mo man lang sana ako sa peephole kanina, masasabi ko sana kung sino sila," she argued. She was biding time, trying to figure out what to confide in him. She studied his eyes to know if he could be trusted.

She found herself staring into the most tantalizing eyes she had ever seen. Maamo ang mga mata nito and it told her she was safe with him.

"Sigurado akong hindi sila hotel security. At mas lalong hindi mo sila groom's men. You must have done something terrible kaya hinahabol ka nila. Now, why don't you tell me how you got into this mess, before I lose my patience and throw you out of this room."

Nag-panic si Marinella. If he would throw her out, she would have nowhere else to go. She was safer here with him, at least for the meantime.

Nagtatalo pa rin ang kanyang isipan kung ano ang sasabihin dito. Sasabihin ba niya ritong may

binaril si Mikkael na groom niya? Ni hindi niya alam kung sino ito at ano ang pagkatao nito.

Paano kung mali siya? Paano kung ang naabutan niyang eksena sa suite ni Mikkael ay wala naman palang masamang kahulugan?

"It's my wedding day," she began. Napagpasyahan na niyang huwag sabihin dito ang buong detalye. Tutal, hindi naman talaga siya sigurado sa nakita. Hindi tamang akusahan niya si Mikkael.

Ang mahalaga ngayon, mabigyan niya ng kasagutan ang lalaking ito para lubayan na siya nito.

"And you jilted your groom," he supplied when she paused momentarily.

"I did not!" she vehemently denied.

"So bakit ka nila hinahanap?"

"N-natural lang na hanapin nila ako. Dahil wala ako sa suite ko. S-siguro, inakala nilang may nangyaring masama sa akin. Na baka may nang-kidnap sa akin. Kaya inalarma nila ang hotel security."

"Granted na hotel security nga ang mga iyon, bakit sinabi nilang mapanganib ka?"

"Sinabi nila iyon?" Nagpanting ang mga tainga

niya. Heto siya at pilit na pinagtatakpan si Mikkael at ang mga tauhan nito. Pero siya pa pala ang babaligtarin ng mga iyon. Tumango ito. "Sa tingin mo ba, mapanganib ako?"

A playful smile formed at the corners of his mouth. "I don't know what you're up to. But don't mess up with me," he warned. "Now, ano ang balak mo?"

Tumikhim si Marinella. "P-puwede bang dito muna ako?"

"Puwede," pagpayag nito. "Pero paalis na din ako. I don't wanna have anything to do with you."

Para siyang nasupalpal. Kumukuha pa lang siya ng tiyempo para humingi ng tulong rito, but he had already made it clear that he would not help her.

"P-puwede bang sumabay sa 'yo?" hiling pa rin niya. Walang masama kung susubukan niya. Ewan niya, pero malakas ang kutob niya na matutulungan siya ng lalaking ito.

"I'm flying to Cebu," he snapped.

"No. I mean, sasabay lang ako sa 'yo palabas ng hotel." The nerve of him to even think that she wanted to fly with him to Cebu!

"Bakit ka pa sasabay sa akin?" He sneered. "Wala na ang mga humahabol sa 'yo. You can sneak out of this hotel anytime."

"Siguradong nandiyan lang sila sa tabi-tabi. Delikado kung mag-isa lang akong maglalakad sa labas. They're after a runaway bride. Kaya tiyak na agaw-pansin ang sinumang babae na makikita nila na nag-iisa."

Tila nag-isip ito. "Magtawag ka kaya ng tutulong sa 'yo?" suhestyon nito.

Her mind raced. Who could she turn to? Si Lisa lang ang kaibigan niya. At ayaw niyang malagay rin ito sa panganib. Ang iba pa niyang kakilala ay pulos konektado kay Mikkael.

Only this man could help her now, Marinella concluded. Likas na matulungin ang mga lalaki sa mga babaeng nangangailangan tulad niya. Kaya umaasa siyang tutulungan siya nito.

*Asa ka pa!* tudyo ng kanyang isipan. Men might be chivalrous. Pero depende siguro iyon sa sitwasyon.

"Sige, di bale na lang. I can manage. Thanks anyway," nalulungkot na aniya.

Mukhang nakonsyensya ito sa sinabi niya. "Okay.

Tutulungan kita palabas ng hotel, pero hanggang d'un lang. Pagkalabas natin, you're on your own."

"Talaga?" Kamuntik na niya itong mahalikan sa tuwa. "Naku, maraming salamat." Halos mangilid ang kanyang luha.

"Saka ka na magpasalamat pag nakalabas na tayo."

"Before anything else, I need to get rid of this dress," ani Marinella. Tiyak nga naman na wala siyang kawala sa mga taong humahabol sa kanya kapag lumabas siya nang naka-wedding gown.

"Walang damit na pambabae dito," kaagad na sabi nito.

Umaasa siyang ang asawa nito, fiancèe o sino man sa mga flings nito ang nakapag-iwan ng damit na maaaring kumasya sa kanya. Pero wala itong babaeng kasama?

Conspicuously, she glanced at his fingers. No wedding ring. Hindi kaya hinubad nito ang singsing nang naligo ito kanina?

Hindi kaya bakla ito?

Agad iyong kinontra ng kanyang isipan. He looked every inch a gentleman.

"Kung pabibilhin mo ako ng damit-pambabae sa boutique ng hotel, think again," patuloy nito. "Kahit kailan, hindi ko ginawa iyon." She groaned inside. "I'm getting ready. Baka ma-late ako sa flight ko. Sumabay ka sa akin kung gusto mo." Lumabas na ito ng banyo.

Igiinala niya ang paningin sa loob ng bathroom. May nakita siyang nakasabit na bathrobe doon. Kinuha niya iyon.

She shed her wedding gown unmindful of the open door. Tutal, wala na siyang magagawa. The door was totally wrecked. Kaya tumalikod na lang siya.

Getting dressed—or undressed, was no big deal to her. Bilang modelo, sanay siyang magpalit ng damit sa karamihan ng tao. Bahagi iyon ng kanyang propesyon.

Kaagad siyang lumabas ng banyo nang maisuot ang bathrobe. Baka nga naman iwanan siya ng lalaki.

Nakita niyang nakabihis na ito. He was simply garbed in jeans and a white shirt. Gayunpaman…

*Oh, he's so ruggedly handsome… and sinfully sexy.*

"Iyan ang isusuot mo?" he mocked. "Hindi kaya mas agaw-pansin 'yan kaysa d'un sa gown?"

"Do I have any other choice?" she hissed.

Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa. Pagkatapos ay tinungo nito ang closet at may binitbit na maleta. Inilapag nito iyon sa kama at binuksan.

"Here," anito. "Tumingin ka ng puwede mong isuot."

She rummaged the suitcase. Pagkatapos, nilingon niya ito. Ito ang tiningnan niya mulo ulo hanggang paa. Kinalkula niya kung kakasya ang mga damit nito sa kanya. Sa tingin niya, one or two inches lang ang tangkad nito sa kanya. Being tall was one of her best assets as a model. Kaya mukhang kakasya ang pantalon nito sa kanya. Manghihiram na lang siya ng sinturon dito.

Pumili siya ng jeans at puting t-shirt na medyo maliit. Sa tingin niya, tight-fitting iyon sa lalaki, pero sa kanya ay maluwag iyon.

Medyo maluwag sa kanya ang running shoes. Kaya pumili siya ng makapal na medyas at hinigpitan ang sintas ng sapatos. Kaysa naman gamitin niya ang high-heeled shoes niya.

Muli siyang pumasok sa banyo para magbihis. Hindi niya ito nilingon, pero alam niyang sinusundan siya nito ng tingin.

This time, she was no longer worried about the wrecked door. Kahit pa subukin niyang itayo ang nawasak na pinto para iharang sa pintuan, alam niyang walang saysay iyon. Kung talagang gusto siyang pasukin ng lalaki at gawan ng masama, gagawin nito iyon. Nakaya nga nitong wasakin ang nakakandadong pinto.

Pero kakatwang hindi siya nakakaramdam ng takot o pangamba ukol doon. Halu-halong emosyon ang nararamdaman niya sa pagkakataong iyon, pero hindi kasama ang takot para sa lalaki. In fact, she felt at ease with him.

Mas nangibabaw ang guilt niya dahil hindi niya sinabi ang buong katotohanan dito. Somehow, she could sense that he knew she was hiding something from him. Gayunpaman, tutulungan pa rin siya nito.

"WHAT DO YOU think?" Marinella asked when she came out of the bathroom.

"Not bad," he commented. "I can't believe those clothes are mine."

"Don't worry. Isosoli ko ang mga ito basta bigyan mo ako ng address. I'll have them delivered to you first thing in the morning, fresh from the dry cleaner."

"Don't bother. Kahit itapon mo na lang ang mga 'yan."

She did not have the heart to throw them away. Kahit t-shirt at pants lang ang mga iyon, those were signature items. "Ayaw mong magbigay ng address?" sapantaha niya.

"Ikaw ba, ibibigay mo ang address mo sa akin?" he countered.

*Definitely not!* Paglabas niya sa hotel na iyon, walang dapat makaalam kung saan siya pupunta. She simply wanted to vanish without a trace.

"I can't," she said honestly.

"Then, let's get the hell out of here. Pero isuot mo muna ang mga ito." He handed her a baseball cap and a pair of sunglasses.

Naisip niyang makakatulong sa kanya ang mga iyon. Lalo pa at nakita niyang may sariling cap at sunglasses din ito. Out in the open, they would look like any other couple.

Couple? How could she even think of that word?

"O." May ibinato itong duffel bag sa kanya.

"Aanhin ko 'to?" Kumunot ang noo niya.

"Pagkasyahin mo diyan ang wedding gown mo," utos nito sa kanya.

"What for?" All she wanted was to run away. "Iiwan ko na lang."

"No, itapon mo na lang sa labas," he instructed.

Nakuha niya ang punto nito. Kapag iniwan nga naman niya roon ang wedding gown sa suite nito, it could put him into jeopardy. Magiging ebidensya iyon laban sa lalaki. Tiyak na pati ito ay tutugisin nina Mikkael.

Tinungo ni Marinella ang banyo at maingat na isinilid ang kanyang wedding gown sa bag. When she came out of the bathroom, he had worn a jacket. It made him look so ruggedly handsome that her heart missed a beat. May duffle bag ding nakasabit sa balikat nito. Marahil, doon nito sinilid ang mga damit at iba pang gamit nito.

"Let's go?" he asked.

She took a deep breath. "I'm ready."

Sumilip ito sa peephole. Nang walang makitang tao sa labas, tuluyan nitong binuksan ang pinto

*This is it*, sa loob-loob ng dalaga.

TILA MAY DAGA sa dibdib ni Marinella habang naglalakad sila patungong elevator. Malapit lang ang elevator sa suite nito. But for her, it was the longest walk she had ever done.

Walang tao sa corridor, pero sa takot, nakatungo siya habang naglalakad at pilit niyang ikinukubli ang mukha.

"Keep your head up," he whispered.

She reluctantly did. Pero naisip niyang may punto ang lalaki. It would be conspicuous if she would keep her head down.

Puno ng tao ang elevator. But there was enough space left for the two of them. Nakahinga siya nang maluwag nang walang pamilyar na mukha sa mga taong naroon.

It seemed a lifetime before the elevator reached the ground floor. Nang tuluyang magbukas ang pinto niyon sa lobby, nanginig ang mga tuhod niya. Nakita niyang nagkakagulo ang mga taong naroon.

Hindi kaagad sila lumabas ng lift. Parang napatda sila sampu ng mga taong kasakay nila sa elevator.

"What the hell is going on?" paanas na tanong ng isang mama sa likuran nila.

Her companion gripped her arm. Hinila siya nito palabas at humalo sila sa mga taong nagkakagulo sa entrance ng hotel. Karamihan sa mga tao roon ay may mga bitbit na maleta na marahil ay pa-check-out na, pero hindi makalabas ng hotel. May nakapaikot na barrier sa lugar at walang pinapayagang lumabas. Naglipana ang mga pulis sa labas.

Ngayon, alam na ni Marinella na tiyak na may kahulugan ang nakita niyang eksena sa suite ni Mikkael. Something was terribly wrong.

THE CHAOS outside the hotel was not new to him. Ilang eksenang ganoon na ba ang pinagdaanan niya bilang *NBI* agent?

*Ex*-NBI *agent 'ika mo*, paalala ng kanyang isipan.

Nilingon niya ang kasamang babae. Ano ba talaga ang ginawa nito at nagkaroon ng kaguluhan? Sa tingin naman niya, ni hindi ito makabasag ng

pinggan. O ni hindi nito kayang pumatay ng langaw.

Siguradosiyangmaypinatayroon.Napapalibutan ang lugar ng dilaw na strip na may nakasulat na *'Police Line, Do Not Cross'*. At naglipana sa labas ang mga scene of the crime operatives. Kung wala mang pinatay, tiyak na may krimeng naganap. And Jezer wondered, krimen na bang maituturing ngayon ang takbuhan ang iyong kasal? That seemed unlikely.

Muling hinila niya ang babae palayo sa mga tao. He pressed her in a corner.

"What's this?" tanong nito.

"Wala ka pa bang ipagtatapat sa akin?" he asked, studying her face.

"N-nasabi ko na sa 'yo ang dapat kong sabihin."

"Exactly," he hissed. "Sinabi mo lang ang dapat mong sabihin. Paano 'yung mga hindi mo sinabi? Hindi mo pa rin ba puwedeng ipagkatiwala sa akin? Come on, you can trust me," pang-eengganyo niya.

"I ran away. That's it," napipilitang anito.

"Pero hindi naman siguro magkakagulo nang ganito kung tinakasan mo lang ang iyong kasal." He knew there was more to it.

"W-wala akong kinalaman sa kaguluhang nangyayari. K-kung meron man s-siguro, iyon ay dahil maimpluwensiyang tao ang pakakasalan ko sana."

That still did not make sense. Kahit maimpluwensyang tao ang tinakbuhan nito, hindi pa rin niya maintindihan kung bakit may naglipanang *SOCO*. He was sure a crime had just happened. To put it more bluntly, somebody had been killed.

"Just help me get out from here, please."

"Okay," he gave in. Kung ayaw talaga nitong mag-confide sa kanya, so be it. "Listen to me carefully." At sinabi niya rito ang dapat nitong gawin. "Maliwanag ba?"

She nodded; unable to speak.

Bigla, sa sulok ng kanyang mga mata, may nakita siyang mga paparating.

*Mga kalaban!* his mind alerted him.

MARINELLA PANICKED when he looked into his eyes. His eyes told her danger was imminent.

Katulad niya, hindi nito tinangkang lumingon

sa kung saan. Pero sa sulok ng kanyang mga mata, may nakita siyang mga paparating galing sa lobby papunta sa kinarooonan nila.

Suddenly, he leaned toward her. Nalanghap niya ang amoy ng mamahaling cologne nito. Inakala niyang may ibubulong ito sa kanya. Hindi niya inaasahan ang sumunod na nangyari. Nasumpungan na lang niyang magkalapat ang kanilang mga labi.

Nabigla man si Marinella, hindi maikakailang nakadama siya ng kakaibang sensasyon—na kailanman ay hindi niya nadama kapag hinahalikan siya ni Mikkael. His lips were soft, warm and sweet. And his tongue expertly explored her mouth.

Dapat sinampal niya ito. O di kaya, kinagat niya ang mga labi nito. But she didn't. Instead, she showed that she was yearning for more by clinging to his neck. Ginantihan niya ang maaalab nitong halik. Sinalubong ng dila niya ang dila nito.

Abruptly, he stopped kissing her; breaking the spell he had cast on her. Kanina lang ay parang nakatuntong siya sa ulap. Pero biglang sumayad ang kanyang mga paa sa lupa dahil napagtanto niyang kaya lang siya hinalikan nito ay para linlangin ang mga kalalakihang kadadaan lamang.

"Kilala mo sila?" tanong nito na sinusundan ng tingin ang mga iniwasan nilang tao, saka tumingin sa kanya.

Umiling siya kahit kilalang-kilala niya ang mga iyon—ang mga bodyguards ni Mikkael. Nagmamadaling umakyat ang mga iyon sa hagdanan.

Kung hindi lang sa suot niyang dark sunglasses, siguradong makikita ng kaharap ang matinding takot sa mga mata niya.

Maybe he believed her because he did not press any further.

Nakadama siya ng guilt. Marinella thought she was being unfair to him. Heto ang taong nakahanda siyang tulungan, pero nakukuha pa niyang maglihim dito.

But could she really tell him everything? Paano kung mali siya? Paano kung nabigyan lang niya ng maling kahulugan ang nakita niyang ginawa ni Mikkael?

"All right. Basta tandaan mo lang ang mga sinabi ko. Now, go…" Those were his last words.

Reluctantly, tinungo niya ang lobby and joined the maddening crowd. Suddenly, the fire alarm

broke out. Nasusunog ang isang bahagi ng hotel.

Tarantang nagtakbuhan ang mga tao palabas ng hotel. Iyon na ang pagkakataong hinihintay niya. Sumabay siya sa mga tao palabas. Dahil sa dami ng mga ito, hindi na nakayanang harangan pa sila ng mga pulis na nagbabantay sa labas.

The crowd scampered everywhere. Ginawa niya ang ibinilin ng lalaki sa kanya, she just walked casually away from the hotel. Tinungo niya ang park na malapit sa hotel at nakihalubilo sa mga nagdya-jogging doon.

Pagdating niya sa isang kanto, tamang-tama naman na may dumaang isang bakanteng taxi. Pinara niya iyon at kaagad na sumakay.

"Mama, Cubao tayo," utos niya sa driver. Kaagad nitong pinasibad ang sasakyan.

Nakahinga siya nang maluwag. Lumingon siya sa pinanggalingan. Wala siyang nakitang humahabol sa kanya. Pero ang talagang hinahanap ng kanyang mga mata ay ang lalaking tumulong sa kanya.

She sighed. He was nowhere in sight.

# 3

Bahagyang umalog ang eroplano nang may madaaan iyong air pocket. Jezer was jolted from sleep.

Kagyat na pumasok sa kanyang isipan ang imahe ng babaeng tinulungan niya sa hotel. Kagyat ding naramdaman niyang nabuhay ang kanyang pagkalalaki.

Bakit ganoon na lang kalakas ang epekto sa kanya ng babaeng iyon? Ni hindi niya alam ang pangalan nito. Pero maisip lang niya ito, hindi talaga niya mapigilan ang pag-aalab ng kanyang damdamin. And he really wondered why.

Actually, she was not her type of woman. Oo nga't nagagandahan siya rito; but he preferred older women, who, needless to say, were experts in bed. Virginal blushing brides were not his cup of tea.

*Lalung-lalo na ang mga runaway brides*, his mind added in disgust.

She might not be her kind of woman. But he could picture what her luscious body would look like sprawled across his four-poster bed.

Pinilit niyang iwaksi ang imahe nito. Ngunit napakahirap niyong gawin. Lalo pa at parang nalalasahan pa niya ng tamis ng mga labi nito. At parang nararamdaman pa niya ang mga kamay nitong nakapulupot sa kanyang batok.

*What's happening to you, Jezer Caballero?* kastigo niya sa sarili.

*I'm only concerned about her*, pagra-rationalize niya. Concerned lang siya kung nagawa ng babaeng takasan ang mga humahabol rito.

*Concerned? You don't even know her*, kutya ng kanyang isipan.

Ipinilig niya ang ulo at pinilit itong huwag isipin.

The woman was momentarily forgotten the moment he reached his beach house in Cordova, Cebu. Binalak talaga niyang magpatayo ng bahay roon oras na magretiro siya sa serbisyo. Napaaga lang dahil napilitan siyang magbitiw dahil sa political ambition niya.

The huge house was perched near the edge of a high cliff overlooking the beach.

Kaagad niyang pinakinggan ang mga mensahe sa kanyang answering machine pagkapasok sa bahay.

*'Hi, darling. Give me a call as soon as you're home. I'm kinda lonely. I miss you unbearably,'* anang huling message. It came from his latest conquest—a socialite from Cebu City.

Normally, he could have returned her call to tell her to come over. Pero parang narinig niya ang boses ng babae sa hotel. Kasabay niyon ang muling pagkabuo ng imahe nito sa kanyang isipan.

Oh, why couldn't he get her out of his mind?

*"Sa tingin mo ba, mapanganib ako?"* she had asked him.

He could hardly brand her as dangerous. *Dangerously sexy would be more like it,* his mind amended.

He would not have minded flirting with danger. Especially when the danger involved long, shapely legs, swollen breasts under a bathrobe and luscious lips.

Muli niyang naramdaman ang pagngangalit ng kanyang kalamnan kaya pinilit niyang iwaksi sa isipan ang babae.

Tinungo niya ang mini-bar at nagsalin ng alak. Pansumandaling nilunod ng alak ang imahe ng

estranghera sa utak niya.

Tumunog ang kanyang cellphone. A brief glance at it told him it was Jimmy who was calling. Ito ang pinakamatalik niyang kaibigan sa *NBI*. Kahit nang umalis na siya sa serbisyo, patuloy pa rin ang komunikasyon nila.

"Where are you, pal?" kaagad na tanong nito nang sagutin niya ang telepono.

"Nandito sa Cebu," sagot niya.

"Pero nasa Manila ka kaninang umaga," usisa nito. Sa pandinig niya, hindi tanong iyon.

"Sort of," pakli niya. "I stayed at *Manila Hotel*."

"Balita ko nga. Tell me, pal, ano'ng kinalaman mo sa nangyari sa hotel kanina?"

"Wala," matipid niyang tugon. *Tinulungan ko lang 'yung babae.*

"Hindi rin ako naniniwalang magagawa mo 'yun, pal," Jimmy said reassuringly.

He pondered for a moment. "Derechahin mo nga ako. Exactly, ano na naman daw ang ginawa ko?"

"Pinatay mo daw si Gov. Erasquin," derechong

sabi nito.

"What!" Kamuntik na niyang mabitawan ang wine glass sa narinig.

More or less, nahulaan na niya kaninang umaga na may pinatay sa hotel. Pero wala siyang kaide-ideyang si Gov. Erasquin ang pinatay. At siya pa ang napagbibintangan ngayon.

"The hell! I didn't!" diin niya. "Believe me."

"I believe you." Hindi niya maiwasang suriin ang timbre ng boses nito. He sounded sincere. Sigurado siyang hindi pa ito bumabaliktad. Nakadama siya ng guilt na pinagdudahan niya ang matalik na kaibigan. He could always count on him.

"Hina-hunting na ba nila ako?"

"Hindi pa naman. But sooner or later, hindi malayong mangyari iyon. Kumakalap pa sila ng mga ebidensya na magdiriin sa 'yo. As of now, haka-haka pa lang na ikaw ang may kagagawan ng pagpaslang. Alam mo na siguro kung bakit."

"They won't be able to tie me to Gov. Erasquin's murder," panigurado niya. "I'm clean."

"I know. Just keep your lines open. I'll keep you posted," pangako nito.

"Salamat." Jimmy hung up.

GABI. Tinutukan ni Jezer ang news programs sa TV. All of them had stories regarding Gov. Erasquin's murder. Ang anak pala nitong si Mikkael ang groom na tinakbuhan ng babaeng tinulungan niya sa hotel. At Marinella Ramos ang pangalan ng dalaga.

Isang sikat na fashion model daw si Marinella. No wonder she looked familiar. Marahil, nakita na niya ito sa mga fashion magazines o sa mga billboards.

Kakatwang hindi sinabi sa mga news na tinakbuhan ni Marinella ang kasal nito. At ni wala man lang ipinakitang larawan nito. Hindi tuloy siya makasiguro kung ang babaeng tinulungan niya ay ang bride mismo.

Mikkael was not pictured as a jilted groom when he was interviewed by the media. Instead, he was a grieving son whose marriage was cancelled because his father was murdered on the day of his wedding.

He saw an irregularity to that angle. Dahil ayon kay Marinella, tinakbuhan nito ang kasal nito. Something was not right.

Natural na walang interview si Marinella dahil nga umeskapo ito. And only God knows where she is at the moment.

The news also said that Governor Erasquin was immediately cremated and buried. Tradisyon ng mga Muslim na ilibing ang kanilang mga patay sa loob ng beinte cuatro oras. At may dugong Muslim daw si Gov.

Jezer doubted that. Malamang, pina-cremate ito at inilibing kaagad para hindi na ma-autopsy ang bangkay. Surely, there was a cover-up.

Ayon pa sa balita, may suspect na raw ang pulisya kung sino ang may kagagawan ng karumal-dumal na krimen, pero hindi pa pinangalanan kung sino iyon. Kumakalap pa raw ang mga ito ng sapat na ebidensya. Hindi man binanggit, dahil nasabi na sa kanya ni Jimmy, alam niyang siya ang suspect. Ang kailangan niya ngayong gawin ay hanapin ang kanyang 'alibi'—si Marinella Ramos.

SHE TOOK a long, hot bath. Pagkatapos ng halos walong oras na biyahe, nandito na si Marinella sa vacation house niya sa Baguio na minana niya mula sa kanyang mga magulang.

Wala siyang kapera-pera kanina. Kaya ipinadaan niya ang taxi na sinakyan patakas ng hotel, sa isang pawnshop kung saan niya isinangla ang kanyang diamond earrings.

Minabuti niyang mag-bus patungong Baguio. She did not want to leave a trace. Para hindi siya matunton ni Mikkael.

Sigurado siyang safe siya sa bahay na iyon. Hindi alam ng kanyang ex-fiancè na may bahay siya roon. Dapat ay isasama niya ito roon sa kanilang honeymoon. It was meant to be a surprise. Now, she felt relieved that she had not mentioned to him about her property in Baguio. At least, may napagtaguan siya ngayon. As always, the place became her sanctuary.

The house, resting on top of a hill, was built of weathered stone. Napapanatiling malinis iyon dahil sa mag-asawang Manang Lilian at Mang Manuel. Stay out katiwala ng kanyang mga magulang ang mag-asawa na kapwa nagulat sa biglaan niyang pagdating. Walang kaalam-alam ang dalawa na magpapakasal sana siya. Sorpresa rin sana ang honeymoon nila ni Mikkael doon.

After a quick dinner of oatmeal and fresh strawberries, she turned on the televison. As tired

as she was, she would have wanted to sleep for a couple of days but she waited patiently for the late evening news.

Laking gulat niya nang makitang headline ang assassination ni Gov. Erasquin, ang kanyang magiging biyenan sana. Ngayon niya napagtanto kung bakit nagkakagulo sa hotel kanina.

Kinilabutan siya. Naalala niya ang eksenang naabutan niya sa suite ni Mikkael: may inaasinta ng armalite ang lalaki sa may bintana pagkatapos, kinalabit nito ang gatilyo.

Si Gov ang puntirya ni Mikkael kanina? Ito mismo ang pumatay sa daddy nito? Pero bakit? Ano ang motibo nito upang patayin ang sarili nitong ama?

Inasahan niyang mababanggit ang pagtakbo niya sa kasal. Pero walang balita ukol doon. Nabanggit lang na hindi natuloy ang kasal nila dahil sa nangyari. At lubhang nagdadalamhati raw siya sa nangyari.

Sa huling bahagi ng balita, may mensahe si Mikkael.

*"Magtago ka man, it won't take long and I'll track you down,"* he warned. Nakatingin pa ito sa camera.

Punung-puno ng galit ang mga mata nito.

Nagtayuan ang mga balahibo sa kanyang katawan. Sa iba sigurong televiewers, aakalain ng mga itong ang killer ang pinatutungkulan ni Mikkael. But she was so certain he was talking to her. After all, ang killer ay walang iba kundi ito.

Ano ang dapat niyang gawin? Magsusumbong ba siya sa mga pulis? Hindi niya puwedeng paratangan ang lalaki. Hindi naman talaga siya sigurado kung ito talaga ang pumatay sa ama nito. Makakatulong ba sa kaso kung sasabihin lang niya ang nakita niya?

Kanino naman siya lalapit kung saka-sakali? May puwede ba siyang pagkatiwalaan? Ang alam niya, maimpluwensya ang mga Erasquin. Malakas ang mag-ama sa kapulisan.

Naisip niya ang best friend na si Lisa. Should she get in touch with her? Marahil, nag-aalala na rin ito sa kanya. Naisip niyang huwag nang idamay ang kaibigan sa gulong napasukan niya.

Bigla, pumasok sa isipan niya ang lalaking tumulong sa kanya sa hotel. Sa tingin niya, mapagkakatiwalaan niya ito. At kayang-kaya siyang ipagtanggol nito. Gaya kanina.

Marahil, niloob talaga ng Diyos na ang suite

nito ang nakatok niya. No matter how brief it was, he was her knight in shining armour.

Yes. That man was a knight in shining armour personified. He was tall, strong, at kayang-kaya siyang ipagtanggol nito. Kung hindi dahil rito, hindi niya alam kung matatakasan niya ang mga humahabol sa kanya at kung makakalabas siya nang buhay mula sa hotel.

Pero hanggang doon na lamang iyon. Tiyak niyang hindi na sila magkikita ng lalaking iyon.

Nahiga na si Marinella. Bukas na lang niya poproblemahin kung ano ang dapat niyang gawin.

As soon as her back touched the bed, she fell into a deep restfull sleep. But before she fell asleep, she vaguely had the image in her mind of the man, leaning to kiss her.

HE WAS ROUSED from sleep due to the persistent ringing of his cellphone.

*Who could be calling me now?* Mag-a-alas seis pa lang ng umaga.

Pupungas-pungas na dinampot ni Jezer ang cellphone sa side table. Si Jimmy ang caller.

Sinabi nitong natagpuan na sa isang suite sa hotel ang rifle na ginamit sa pagpatay kay Gov. Erasquin. And it was discovered that the last occupant of that suite was him. Ayon sa kaibigan, sa ngayon, siya ang principal suspect sa pagpatay kay Governor.

Wala pa namang warrant of arrest ngunit binigyan siya ng korte ng sampung araw para linisin ang kanyang pangalan. Kung hindi, aarestuhin na siya.

Ten days. Enough time to find Marinella Ramos.

# 4

Kung maaari lang sana, ayaw na munang tumingin sa mga diyaryo ni Marinella. Pero hindi siya puwedeng magkunwari na lang na parang walang nangyari. Kailangan niyang malaman kung ano na ang development sa kaso ni Gov. Erasquin.

Nagulat siya sa bumulaga sa kanya sa front page. Mukha iyon ng lalaking tumulong sa kanya sa hotel. Kaagad niyang pinasadahan ang balita. Napag-alaman niyang Jezer Caballero ang pangalan niyon. He was an *NBI* agent. Ito raw ang primary suspect sa pagpaslang sa gobernador.

How could that be? True, the man had a gun. Pero hindi nito kayang asintahin ang target na nasa bandang ibaba ng hotel mula sa suite nito sa pamamagitan lamang ng baril. Lalo siyang nakatiyak na wala talaga itong kinalaman nang mabasa niyang natagpuan raw sa suite nito ang rifle na ginamit sa pagpatay. She could swear that part of the news was not true. This Jezer, whoever he was, definitely, had been framed-up.

Of all people, bakit ito pa ang napagbibintangan ngayon? Nalaman na ba ni Mikkael na ito ang

tumulong sa kanya?

Nang tanungin ang lalaki tungkol sa kanya, sinabi ni Mikkael na hindi pa siya puwedeng interview-hin dahil shocked pa siya at kasalukuyang nagpapagaling.

Bakit pilit siya nitong pinagtatakpan? Bakit hindi nito sabihin ang totoo na tinakbuhan niya ito? She was certain that Mikkael was up to something.

Hindi tuloy siya mapakali. Maghapon siyang balisa. Hindi siya makakain kahit gaano pa kasarap ang mga pagkaing inihahanda ng mag-asawang katiwala niya.

Ano ba ang dapat niyang gawin? Lalantad ba siya? She weighed the pros and cons of the situation.

Kung lalantad siya, tiyak na aanihin niya ang poot ni Mikkael. At alam niya kung paano ito magalit. Tiyak na malalagay sa peligro ang buhay niya. Ang kainaman lang, Jezer's name would be cleared. Dahil puwede siyang magpatunay na wala itong kinalaman sa nangyari.

Kung hindi naman siya lalantad, hindi siya manganganib kay Mikkael. Pero tiyak na madidiin si Jezer sa kasalanang hindi ito ang gumawa. At ayaw niyang mangyari iyon. Tinulungan siya nito. So she

should return the favor.

She must really come out in the open, she decided now. Dahil hindi naman niya puwedeng pagtaguan si Mikkael habambuhay. Sooner or later, matatagpuan din siya nito.

Kanino siya lalapit? Hindi niya alam kung sino ang puwede niyang pagkatiwalaan.

THAT SOUND again.

Kanina pa naalimpungatan si Marinella. Una, nakarinig siya ng huni sasakyang pumarada sa may di-kalayuan. Private property niya ang lupaing kinatitirikan ng kanyang bahay. Medyo malayo ang pinakamalapit niyang kapitbahay, kaya nagtaka siya kung bakit may nagawing sasakyan doon.

Nakarinig siya ng mga kaluskos. Ipinagpalagay niyang asong gala o pusa lang ang may likha niyon.

Pero mayamaya, muli siyang nakarinig ng ingay mula sa likod-bahay. At sa pagkakataong iyon, hindi na kaluskos ang naririnig niya.

Footsteps! Nagmumula iyon sa likuran ng bahay sa bandang kusina.

Napabalikwas siya. She sat upright at the edge of the bed—alert, tensed and wide-eyed. Sigurado siyang hindi iyon ang kanyang mga katiwala. Maagang nagpaalam ang mag-asawa na babalik na sa bahay ng mga ito. Saka sa pandinig niya, hindi lang dalawang pares ng yabag ang naririnig niya. Marami!

There was another sound at the front door. She heard noises. Then, she heard a doorknob click.

Had they come to get her? Or maybe kill her? She had no doubt it was Mikkael's men who had come for her.

Hindi siya nakakilos. She was momentarily paralyzed by her fear. Naihiling niya na sana pala ay pinakiusapan na lang niya ang mag-asawang katiwala na samahan siya sa bahay na iyon. Pero ano naman ang magagawa ng mga ito para protektahan siya? Matatanda na ang mga ito at napakalayo nila sa kabihasnan. Walang maaaring tumulong sa kanya sa pagkakatong ito kundi ang kanyang sarili.

Kung narito sana si Jezer. Ipinilig niya ang ulo. Nasa bingit na siya ng panganib, pero ang lalaking iyon pa rin ang kanyang naiisip.

Ang dapat niyang isipin ngayon ay kung saan

siya puwedeng magtago. Pero saan siya susuling? Hihintayin na lang ba niyang pasukin siya sa kuwarto ng mga iyon?

Pamamahay niya iyon. Kaya mas alam ni Marinella ang pasikut-sikot doon kaysa sa mga intruders.

Without turning on the light, quietly, she got out of bed. Dahan-dahan niyang tinungo ang pinto at binuksan iyon.

She momentarily let her eyes get accustomed to the dark. Pakapang tinalunton niya ang hallway patungong back porch. Wala siyang narinig na kaluskos sa banda roon. Bangin kasi ang ilalim ng portico. Pero puwede na siyang tumalon mula roon at magpadausdos pababa ng bangin. It was her only way out.

She had not yet taken a single step when the first shot was fired. Halos gahibla lang ng buhok ang layo niyon sa kanya. Tumama iyon sa pinto ng kuwarto niya.

She suppressed the urge to scream. Tumakbo siya patungo sa back porch. As she ran, two more shots ensued. As she reached the doorway leading to the back porch, strong and muscular arms grabbed

her. Bago pa siya nakasigaw, mabilis na natakpan nito ang kanyang bibig.

Nagpumiglas si Marinella. Pero lubhang napakalakas ng mga kamay na pumipigil sa kanya. Ang isang kamay ng lalaki ay nakatutop sa bibig niya. Hawak-hawak naman ng isa pa ang kanyang baywang. Sa kanyang pagpupumiglas, nakapa niya ang baril na hawak ng kamay na naroon.

The man slammed her against the wall. The long, lean body of the man was pressed so hard against her that he could hardly breath.

At that precise moment, a series of automatic-weapon fire exploded through the room shattering the glass sliding door that led to the porch. Halos mabingi siya sa putukan. Tinakpan niya ng kanyang mga kamay ang mga tainga habang hinahabol ang paghinga sa pagkakasalya sa kanya sa dingding ng lalaki.

The burst of gunfire seemed to go on a long time. Pero ilang segundo lang iyon. Pagkatapos, katahimikan ang sumunod. Pero mas nakakabingi at nakakakot ang katahimikan kaysa sa malakas na huni ng putukan.

Bigla, umigkas ang kamay ng lalaking may

hawak na baril. Dalawang putok ng baril ang magkasunod niyang narinig. Pagkatapos niyon ang magkasunod ding pagbagsak sa sahig ng dalawang bagay na ipinagpalagay niyang katawan ng tao.

She was momentarily dazed. Gumanti ng putok ang lalaking sumunggab sa kanya?

She gasped for a breath of precious air. Isang amoy ang nalanghap niya na pamilyar sa kanya. Amoy iyon ng mamahaling cologne–cologne ng lalaki sa hotel. Halos naiyak siya sa tuwa nang mapagsino iyon.

Si Jezer! He had come for her. Hindi niya alam kung bakit ito naririto. Himalang natagpuan siya ng lalaki. Gaya ng himalang pagkakatagpo niya rito sa suite nito.

Hope flooded her heart. Kagyat na nawala ang takot niya. She knew he would keep her safe.

He pushed her flat to the floor. Nahulaan niya kung bakit nang makadinig siya ng mga yabag patungo sa kinaroroonan nila.

Another series of fusillade began. Nakipagpalitan ng putok si Jezer sa mga kalaban. Animo napuno ng kidlat ang bahay sa pagsasalimbayan ng putok. When the barrage had stopped, nothing moved. Wala

na siyang narinig bukod sa mabilis na pagpintig ng kanyang puso. And no one was left standing. Except Jezer. She was relieved to see him unharmed.

Finally, he came to her. "Okay ka lang?" tanong nito habang tinutulungan siyang tumayo.

"Yeah," she assured him. "S-salamat," mangiyak-ngiyak na sabi ni Marinella. Sa ikalawang pagkakaton, iniligtas na naman siya nito.

He turned on the lights.

"W-wala na ba?" may pangambang tanong niya. She hoped it was over. Pero alam niyang hindi pa iyon ang huli. Sigurado siyang hindi siya tatantanan ni Mikkael.

Ang mahalaga sa ngayon, nasa tabi niya si Jezer. Hindi niya alam kung ano ang pakay nito sa kanya. But as long as he was there by her side, she knew she was safe from harm.

"Anim lang silang nakita ko kanina. Apat ang lumigid sa bahay mo habang nakabantay ang dalawa sa harapan," anito. "At sa bilang ko, anim na ang bumulagta."

"N-nakita mo sila? I-ibig sabihin, nauna kang dumating sa kanila? Bakit mo sila hinayaang

makapasok sa bahay? They could have killed me," sunud-sunod na sabi niya.

"Hey, calm down," he said. "Hindi naman kasi ako sigurado kanina kung ano ang pakay nila sa 'yo. Saka ang alam ko lang na atraso mo ay tinakbuhan mo ang groom mo. Di ba 'yon ang sinabi mo sa 'kin?" parang pangungunsyensya nito. "Malay ko ba kung pumunta lang sila dito para pakiusapan ka na ituloy ang kasal ninyo?"

At tumalab nga iyon sa kanya. Nagkaila siya rito. Sinabi nga lang niya na tinakbuhan niya ang kasal niya. Of course, that was true—partially. Hindi niya sinabi ang lahat rito.

"Sino ang nag-utos sa 'yo para i-frame-up ako?" tanong nito.

"I-frame-up?" she echoed. "I've no idea what you're talking about."

"So, bakit sa aking suite ka tumakbo? Nagkataon lang ba 'yon?"

"Nagkataong ang suite mo ang unang nadaanan ko kaya iyon ang kinatok ko. Laking pasasalamat ko nang pinagbuksan mo ako. Kung hindi, malamang ay nahuli nila ako."

"Can you tell me what really happened at the hotel? Bakit ka nila hinahabol? Dahil lang sa tinakbuhan mo ang kasal mo? Wala na bang ibang dahilan?" sunud-sunod na tanong nito. "Hindi kita matutulungan kung hindi mo sasabihin sa akin ang lahat-lahat."

Magkakaila pa ba siya? Dalawang beses na nitong iniligtas ang buhay niya. He deserved to know the truth.

She took a deep breath. "N-nakita ko siya," umpisa niya. "Nakita ko nang may binaril siya nang pumasok ako sa suite niya. Naabutan ko siya at ang kanyang mga bodyguards na nasa tapat ng bintana. May hawak siyang rifle at may inaasinta. 'T-tapos, kinalabit niya ang gatilyo. Tumakbo ako. Pinahabol niya ako sa mga bodyguards niya."

"Sino ang nakita mo? Kaninong bodyguards ang mga humabol sa 'yo?"

"S-si…" Tumikhim muna siya. "Mikkael."

"Si Mikkael?" he repeated. "Si Mikkael Erasquin? Ang anak ni Gov na magiging esposo mo sana?" di-makapaniwalang tanong nito.

"W-well, hindi ko sigurado kung si Mikkael nga ang bumaril kay Dad. After all, hindi ko talaga nakita

kung sino ang inasinta niya. Basta nakita ko lang siya nang kinalabit niya ang gatilyo. Nakita kong umusok ang nguso ng baril."

"Bakit ngayon mo lang sinasabi sa akin ang lahat ng ito? Bakit hindi mo sinabi sa akin noong nasa hotel tayo?" pang-uusig nito.

"I tried to tell you when we were at the lobby." *But you kissed me.* "Pero may dumaang mga tauhan ni Mikkael.'

"Sinabi mong hindi mo sila kilala."

"I'm sorry I lied. I had brought you so much trouble that I didn't want you to get involved any further."

"Kung si Governor talaga ang inasinta ni Mikkael, bakit naman niya papatayin ang sarili niyang ama?"

"Iyon din ang tanong ko sa sarili ko. At bakit kailangang sa mismong araw ng aming kasal niya isinakatuparan ang pagpatay."

"Hindi rin malinaw sa akin ang bagay na iyon. Bodyguards ba ni Mikkael ang mga 'yan?" patungkol nito sa anim na bangkay na nakahandusay.

Takot man siyang tumingin sa patay, mabilis na pinasadahan ng kanyang mga mata ang mga

bangkay. "H-hindi ko sila kilala."

"Malamang, hindi mo nga kilala ang ipapadala ni Mikkael dito," hinuha nito. "That is, kung siya nga ang nagpadala ng mga 'yan."

"Walang puwedeng mag-utos sa mga 'yan kundi si Mikkael," panigurado niya. "Ang hindi lang malinaw sa akin, bakit ikaw ang napagbibintangan ngayon?"

Hindi ito umimik. Napuna niyang nagdurugo ang kaliwang braso ng lalaki. Namantsahan ng dugo ang puting t-shirt nito. "May tama ka," nag-aalalang sabi niya.

"Wala ito. Daplis lang ito." Pinalis ni Jezer ang kaliwang braso na animo matatanggal niyon ang sugat.

"Let me take a look," she insisted. Inililis niya ang manggas ng t-shirt nito. Daplis nga lang ng baril iyon. But still, it was bleeding. "Sandali lang. Kukuha ako ng bandage."

Tinungo niya ang medicine cabinet. Kaagad din niyang binalikan si Jezer pagkatapos makuha ang mga kakailanganin. Hindi man siya isang nurse o doktor, may nalalaman naman siya kahit papaano sa first aid.

Pinaupo niya ito. Pagkatapos ay sinimulan niyang linisin ng antiseptic ang sugat nito. He was so close to her that she could smell his manly scent.

Napalakas yata ang diin niya sa sugat ni Jezer. She saw him flinch. "Mahapdi ba?" tanong niya. Umiling lang ito.

Pagkatapos niyang linisin ang sugat ng binata, binendahan niya iyon.

"Pack a few clothes. Bilis," utos nito sa kanya. "Let's get out of here."

BINALIKAN NI JEZER ang kotseng nirentahan niya na kanyang ipinarada di-kalayuan sa bahay ni Marinella. Nalagpasan pa niya ang kotseng ginamit ng mga lumusob sa bahay nito. Bahagya niyang inilawan ng flashlight ang loob ng kotse. Walang gamit sa loob na puwedeng pagkilanlan sa mga sakay niyon. Kaya kinuha na lang niya ang plate number ng sasakyan.

Kumbinsido siya ngayon na hindi kasabwat si Marinella sa pag-frame-up sa kanya. In his line of work, trusting easily was a big no-no. But his instincts told him now she was telling the truth. If not, she ought to have been an actress, not a model.

But whether she was lying or not, one thing was sure. Ito lang ang makakapagpatunay na wala siyang kinalaman sa pagpaslang kay Gov. Erasquin.

Ang ikinababahala ni Jezer ngayon ay ang sensasyong nadama niya kaninang sinunggaban niya ang dalaga at isalya ito sa pader. Sa gitna ng putukan, kakaibang init ang naramdaman niya sa pagkakadaiti ng kanilang mga katawan. Maging kanina habang nililinis nito ang sugat niya, parang nakiliti siya imbis na makadama siya ng hapdi. Kaya naman napapikit siya.

Natiyak niyang nanganganib siya. But he was in a different kind of danger.